# KWARESMA - Pagbabalik Kay Hesus

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Gerald Moscardon

Marso 23, 2024

Pinili ni Hesus ang manahimik noong Siya ay naharap sa matinding pagsubok at mga kapighatian na humantong sa pagpako sa Kanya sa krus at kamatayan. Ipinakita Niya ang walang kapantay na biyaya at pagpapatawad. Sa panahon ngayon, madalas tayong nakaririnig ng masasamang balita at iskandalo. Ang mga ito ay nakaka-impluwensya sa ating paggawa ng desisyon habang nakatutok tayo sa negatibong aspeto ng buhay. Gayunpaman, sa pamamagitan ng pagninilay natin sa halimbawang ipinakita ni Hesus, maaari nating linangin ang ating isip para mawala ang negatibong kaisipan. Muli nating ibalik sa sentro ng ating buhay si Hesus na nagpakita ng pagmamahal sa sangkatauhan. Ang kwaresma ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong tumutok sa Magandang Balita (Marcos 1:14-15). Tinuruan tayo ni Hesus na talikuran na ang ating mga kasalanan, at panatilihin ang likas nating kabutihan.

**1. Kinikilingan ng mga tao ang mga negatibo.**

1.1. Mas naaalala natin ang karanasang hindi maganda kaysa sa positibo. Mas naaalala natin ang mga insulto kaysa sa papuri. Mas madalas tayong nag-iisip ng negatibong bagay kaysa sa positibo.

1.2. Ang prinsipyo ng *loss aversion* ay nagbibigay liwanag kung paano ang tao ay mas nagaganyak sa takot ng pagkawala ng isang bagay (parusa) kaysa sa pag-asam ng pagkakaroon ng pakinabang.

1.3. Naiintindihan ng mga tao na ang pangunahing kailangan upang makapasok sa langit ay ang pag-ibig sa Diyos at sa kapwa.

**2. Mayroon lamang isang utos, isang pinagmulan:**

2.1. **Paglikha**: ang lahat ay nilikhang mabuti at maayos. Mabuti ang liwanag sa kanyang tungkulin. Ang mga punong may mga buto ay namumunga ayon sa kanyang kalidad.

2.2. **Kasalanan:** Ang pagbagsak ng tao ay sanhi ng pagtangkang matamo ang karunungan ng Diyos. Ang kasalanan ay sanhi ng mga sumusunod:

2.2.1. Sakit at Karamdaman - "Sa babae..'sa pagbubuntis mo ay mahihirapan, lalo kung sumapit ang iyong pagluluwal" (Gen.3:16).

2.2.2. Gutom at Pagdurusa - "Sa lalaki, sinabi niya 'sumpain ang lupa dahil sa iyo, ang lupang ito para pag-anihan, pagpapawisan mo habang nabubuhay" (Gen.3:17-18).

2.2.3. Karahasan at Pagpatay-"…pinatay ni Cain ang kanyang kapatid, Abel" (Gen.4:8).

2.2.4. Kamatayan at Dalamhati - "Ika'y sa alabok nanggaling at sa alabok ika'y babalik rin"(Gen 3:19).

2.2.5. Pagkahiwalay sa Diyos - "Kaya, pinalayas ng Diyos sa halamanan ng Eden ang tao.."(Gen 3:23).

**3. Ang muling pagtuklas sa ating orihinal na kabutihan ay napakalaki. Hindi natin ito kayang gawing mag-isa. Pinadala ng Diyos ang Kanyang anak hindi para tayo'y hatulan kundi iligtas.**

3.1. Dumating si Hesus upang ayusin ang mga nasira.

3.2. Pinakain ni Hesus ang nagugutom.

3.3. Pinalaya ni Hesus ang inaalihan ng demonyo.

3.4. Nilabanan ni Hesus ang kamatayan. Muli Niyang ibinalik ang buhay.

3.5. Pinatawad ni Hesus ang makasalanan.

3.6. Sinunod ni Hesus ang utos ng Ama.

**4. Ang ating misyon ay magsumikap sa tulong ng biyaya ni Kristo upang maiayos ang ating buhay.**

4.1.Sundin natin ang Kanyang turo upang mahanap ang kabutihang iyon. Sa sakripisyo ng isang tao, may bagong nalikha (2Cor.5:17-18, Mt.28:18-20).

4.2. Binigyan tayo ng oras at oportunidad upang makapagdiwang ng *Paschal Triduum*. Itigil na ang pagkakasala. Humarap sa Diyos. Kumilos pasulong.

4.3. Tatlong haligi ng Kwaresma – **Panalangin** - pakikipag-uusap sa Diyos; **pag-aayuno** – sakripisyo; **paglilimos** - maglingkod at maging responsable sa kapwa.

**KONKLUSYON:**

Bilang mga Kristiyano, tayo ay hinihimok na pag-isipan ang ating mortalidad at ang likas nating kabutihan. Ginagabayan Niya tayo sa ating paglalakbay upang maibalik ang orihinal na pagkakaisa sa ating sarili, sa pamayanan at sa Diyos.

**Pagninilay**:Paano mo maibabalik ang iyong buhay sa Diyos? Ano ang gagawin mo upang mapaigting pa ang relasyon mo sa Kanya?


**Scribes Ministry**:
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Sis Nida Cruz
https://lordsflock.org/digests
Tags: #Kwaresma